Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-ANIM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-8 NG PEBRERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
3.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
4.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
5.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
6.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
7.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
8.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
9.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 25-'95
(Sa mungkahi ni Kag. De Guzman na pinangalawahan Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGTANGGAP SA MGA DAAN AT "OPEN SPACE" NG OLYMPIA PARK SUBDIVISION, PHASE III, NA MATATAGPUAN SA BARANGAY LABAS, AT ANG PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG-BAYAN NA LUMAGDA SA ANUMANG KASULATAN PARA SA PAGLILIPAT NG PAGMAMAY-ARI NG MGA NABANGGIT NA DAAN SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang may-ari at tagapagpaunlad ng subdibisyon ng Olympia Park, Phase III ay malaon ng namayapa;

SAPAGKA'T, ang Olympia Park Subdivision, Phase III na matatagpuan sa Barangay Labas, Santa Rosa, Laguna na malaon ng pinaunlad bilang pamahayan bago pa man naitatag ang Housing and Land Use Regulatory Board;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na subdibisyon ay hindi nasasakop ng mga batas at alintuntunin ng Housing and Land Use Regulatory Board;

SAPAGKA'T, sa pamamagitan ng isang "Barangay Assembly" na idinaos sa Barangay Labas noong Ika-10 ng Setyembre, 1994 at sa pamamagitan din ng Pinagtibay na Kapasiyahan ng Sangguniang Barangay ng Labas ay sama-samang hiniling sa Sangguniang Bayan na matanggap ng pamahalaang bayan ang pagmamay-

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtanggap sa mga daan at "open space" ng Olympia Park Subdivision, Phase III, na matatagpuan sa Barangay Labas, at ang pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan na lumagda sa anumang kasulatan para sa paglilipat ng pagmamay-ari ng mga nabanggit na daan sa pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-6 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-8 ng Pebrero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim